REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92 - 26

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYANG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE UPANG PUMASOK SA MGA SUMUSUNOD NA KASUNDUAN :

1. ANG KASUNDUAN NA ITALAGA ANG AYALA PROPERTY MANAGEMENT CORPORATION NA SIYANG MAGSAGAWA AT MAGTAYO NG MGA POSO, TANGKE AT LINYA NG TUBIG SA PAMBAYANG PATUBIG.

2. ANG PAGPASOK SA KASUNDUAN NA PAGSINGIL SA PANG-KINABUKASANG BUWIS (TAX CREDIT GRANT) NA NAUUKOL SA BAYAN NG MUNTINLUPA SA MGA KALAKALAN TULAD NG AYALA LAND INC., MAKATI DEVELOPMENT CORPORATION, NESTLE PHILIPPINES, INC. AT IBA PANG PRIBADONG KOMPANYA HANGGANG SA MAABOT ANG NAUUKOL NA HALAGANG NAAANGKOP SA GASTOS NG NASABING PROYEKTO PARA WALA NG ILABAS NA PERA ANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAGSASAGAWA NG PAMBAYANG PATUBIG.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ni Kgg. REY E. BULAY

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pangangailangan ng Pambayang Patubig sa Bayan ng Muntinlupa ay lubhang nangangailangan ng lunas;

SAPAGKAT, sa laki ng halagang kinakailangan ay hindi makakayanang mag-isa ng Pamahalaang Bayan ang biglang gastusin;

SAPAGKAT, ang Pambayang Patubig, bukod sa malaking ginhawa at tulong sa mga mamamayan ay magbibigay pa ng malaking kita o pakinabang sa Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ito na ang daan upang tuluyang umunlad ang ating bayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling patubig, na aayon sa Batas ng Pagsasarili sa "Bagong Batas Lokal".

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na binibigyang karapatan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye upang pumasok sa mga sumusunod na kasunduan :

1. Ang kasunduan na italaga ang Ayala Property Management Corporation na siyang magsagawa at magtayo ng mga poso, tangke at linya ng tubig sa Pambayang Patubig,

2. Ang pagpasok sa kasunduan na pagsingil sa pang-kinabukasang buwis (tax credit grant) na nauukol sa Bayan ng Muntinlupa sa mga kalakalan tulad ng Ayala Land Inc., Makati Development Corporation, Nestle Philippines, Inc. at iba pang pribadong kompanya hanggang sa maabot ang nauukol na halagang naaangkop sa gastos ng nasabing proyekto para wala ng ilabas na pera ang Bayan ng Muntinlupa sa pagsasagawa ng Pambayang Patubig.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY ng mas nakararaming Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang Tanging Pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Nobyembre, 1992 sa Session Hall ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

(Hindi nakilahok)
KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Punongbayan